Pagsisilbi sa Komunidad at Pagboboluntaryo

Ito ang mga klabs o serbisyo na nagbibigay ng pagkakataon sa mga mag-aaral na tumulong sa isa't-isa o magbigay ng serbisyo sa eskwelahan o komunidad.Kasama sa mga klabs at serbisyong ito ay:

- peer helpers;
- peer tutors;
- peer counsellors;
- monitor sa library;
- multikultural klabs;
- klab ng bakla at hindi bakla (kadalasan nasa high school);
- mga monitor tuwing tanghalian (lalong-lalo na sa mga paaralang elementarya).

Papano kung ang eskwelahan ay hindi nagbibigay ng klab o gawain na siyang interes ng iyong anak?

Maaring lapitan ninyo ang administrasyon ng paaralan, Student Council, at Parent Advisory Council (PAC) para sabihin sa kanila na merong espesyal na klab o gawain na gusto niyong ibigay ng eskwelahan. Ang eskwelahan mismo ang magdedesisyon kung posible ito, at kung may bolunteer na maaring mag-sponsor ng gawain, at kung merong sapat na mag-aaral na interesado..

Student Council (SC)

Lahat ng high school, gitna at elementarya ay merong Student Council. Ang student council ay grupo ng mga mag-aaral na karaniwang kumakatawan sa bawa't antas na grado. Sa ilalim ng pangangasiwa ng guro, ang SC ay nagpa-plano at nag-oorganisa ng espesyal na gawain ng mga mag-aaral. Kasama dito ay ang:

- gawaing sosyal katulad ng pagsasayaw;
- espesyal na araw sa paaralan katulad ng 'crazy hat day';
- gawaing fund raising para sa paaralan at komunidad;
- mga kaganapan na sumusuporta sa gawain ng komunidad.

Mahalagang Paalala:

Lahat ng extra-curricular na gawain ay boluntaryong ibinibigay ng mga tauhan ng eskwelahan at hindi ito kasama sa kanilang trabaho.

Ang elementary, gitna at high school s ay nagbibigay ng extracurricular na gawain para sa mga mag-aaral. Ang mga uri ng gawain ay nag-iiba-iba sa bawa't eskwelahan. Alamin sa inyong lokal na eskwelahan ang mga programang maaring ibigay sa iyong anak.

"Extracurricular Activities"

"Extracurricular na Gawain"

[Filipino]

Ang brosyur na ito ay isa sa mga serye na inisponsoran ng programang VSB SWIS at ang pinagsamang gawain ng mga ESL/ELL na guro at ng grupong VSB MCLW.

Ang programang ito ay ginawang posible sa pamamagitan ng pondo galing sa Gobyerno ng Canada at ng Probinsiya ng British Columbia.

Extracurricular na Gawain

Mga Sagot sa Pangkaraniwang Tanong

Ano ang ibig sabihin ng gawaing -extracurricular ?

Kasama sa gawaing extracurricular ay ang klabs at iba pang mga gawain ng mga mag-aaral sa labas ng regular na araw sa eskwela.

Ang mga gawaing ito ay:

- para sundan ng mga mag-aaral ang kanilang espesyal na interes.
- Binibigay na gawaing bago o pagkatapos ng regular na oras ng pag-aaral at oras ng tanghalian.
- boluntaryong pinanga-ngasiwaan ng matanda, kadalasan mga guro o ibang school staff.

Ano ang layunin ng gawaing-extracurricular ?

Ang mga Gawain ay:

- naglilinang ng karagdagang kakayahan.
- nagbibigay ng pagkakataon sa mga mag-aaral na makakilala ng ibang mag-aaral at maging magkaibigan.
- nagdudulot ng malusog na paraan para makilahok sa eskwelahan at komunidad.

Ano ang pakinabang na makukuha ng mga mag-aaral kapag sumali sila sa gawaing- extracurricular?

Ang pakinabang sa mag-aaral ay:

- pagkaroon ng pagkakataon g makapagsanay sa Ingles;
- Mas matuto tungkol sa kulturang Canadian;
- Pagkilala at pakikipag-kaibigan sa mas maraming mag-aaral.
- Parte ng paaralan at komunidad;
- Paglinang ng espesyal na interes at kakayahan;
- Pagsasanay ng kakayahan ng pagiging lider; at
- Paggawa bilang parte ng isang grupo.

Ano ang uri ng gawaing binibigay?

Kasama sa mga gawain ang:

- visual at performing arts;
- kompetisyon at hamong akademiko;
- palakasan (sports);
- pagsisilbi sa komunidad at pagboboluntaryo.

Visual at Performing Arts

Ang lahat ng paaralan sa lahat ng antas ay nagbibigay ng iba't-ibang uri ng gawain sa aspeto ng:

- drama;
- sining;
- pagsasayaw;
- pelikula;
- pagkuha ng litrato;
- koral;
- banda.

Mga gawaing Academiko

Kadalasan kasali sa klabs na naka pokus sa gawaing katulad ng:

- chess;
- malikhaing pagsulat;
- science;
- hamong akademiko;
- diyaryo ng mag-aaral;
- ang kapaligiran.

Palakasan

Maraming uri ng palakasan(sports) ang binibigay sa buong taon. Merong palakasan para sa Fall, Winter at Spring . Ito ay kadalasang binibigay sa mga mag-aaral na nasa tiyak na antas at maaring grupo ng mga mga lalaki at mga babae o halong babae o lalaki. Kadalasan merong iba't – ibang uri ng palakasan na binibigay sa high school kumpara sa elementarya at gitnang antas ng paaralan.

Pangkaraniwang palakasan na kasama:

- badminton;
- basketball;
- soccer;
- softball;
- table tennis;
- track and field;
- volleyball;
- wrestling.